# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 47
# Ang sulat ni Jesus sa Simbahan ng Pergamos  Yugto 1

"12 At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim :13 Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid.15 Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita.16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig.17 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap." (Pahayag 2:12-17)

Ang Panginoong Jesus ngayon ay inihahanda ang Kanyang simbahan upang kapag siya ay dumating ay walang marka, kulubot o dungis upang ang simbahan ay hindi maiwan. Ang simbahan ay maaring makagawa ng mabubuting bagay gaya ng ating nabanggit sa naunang mga simbahan. Ngunit ang mabubuting bagay na iyong ginagawa ay hindi makakapagligtas sayo sa disiplina at poot ng Diyos para sa maling bagay na iyong ginagawa. Ang mabubuting bagay na iyong ginagawa ay hindi makakapagtakip sa iyong maling gawain at hindi makakapagligtas sayo sa pagsaway ng Diyos kapag ikaw ay gumawa ng mali. Nais ni Jesus na gumawa ka ng mabubuting bagay at nais sa atin na umiwas sa paggawa ng mali.

Ang bayan ng Pergamus ay nasa Turkey ngayon at ang kahulugan ng Pergamos ay mataas. sapagkat ang bayan ay naroon sa burol at ito ay ang kapital ng Emperio ng Romano at ang luklukan ng emperador ay naroon.

"12 At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim:" (Pahayag 2:12) Ang Panginoon ay ipinapakilala ang kanyang sarili sa simbahan ng Pergamos bilang isa na nagsalita at mayroong matalas na tabak na may dalawang talim. Ang matalas na tabak na may dalawang talim ay ang salita ng Diyos, "At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios" (Epeso 6:17) Mayroong pag-uusig sa bayan ng Pergamos laban sa simbahan, at sinasabi ni Jesus sa kanila na daladala Niya ang tabak ng Espiritu, ang Salita ng Diyos pars ipaglaban sila, upang hikayatin sila na magpatuloy na maging totoo sa pananampalataya. Bakit sinabi ni Jesus? "Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim:" Ang hukbo ng mga Romano ay gumagamit ng dalawang matalas na talim, kaya dito sinasabi ni Jesus sa simbahan, na haharapin Niya ang mga Romano na umuuusig sa kanila nang may parehong dalawang talim na may matalas na tabak. Ang ibig sabihin ng sinasabi dito ng Panginoon ay, na ang Kanyang kapangyarihan ay mas mataas kaysa as kapangyariha ng mga namamahala, kahit na sa emperador. Ang tuntunin ng simbahan ay mas mataas kaysa sa anumang kapangyarihan sa lupa. Ang sinasabi ni Jesus sa kanila, ay gamitin ang kanilang awtoridad upang ipalaganap ang Salita ng Diyos at huwag matakot sapagkat Siya ay sumasakanila at makikipaglaban para sa kanila ng Kanyang tabak na may dalawang talim; gaya ng Kanyang ipinangako nang inutusan Niya ang Kanyang mga apostol, "19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20) Ang tabak na may dalawang talim ay magbibigay ng bunga at magbibigay ng mga resulta na nais Niyang makita sa buhay ng Kanyang simbahan. "12 Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso.13At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan." (Hebreo 4:12-13) Dito ang Salita ng Diyos ay tabak na may dalawang talim na tumatagos at nagbibigay ng mga resulta. Sinasabi Niya sa simbahan, Huwag matakot kundi ipangaral ang Salita ng Diyos upang anihin ang bunga.

''13Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas." (Pahayag 2:13) Narito sinasabi ni Cristo sa simbahan na nalalaman Niyang mabuti ang kanilang mga ginagawa, ang mabubuting gawa na kanilang ginagawa. Ang kanilang paglaban sa pag-uusig na kanilang hinaharap sa hindi pagtatakwil sa Kanyang pangalan at ng kanilang pananampalataya sa Kanya, at sa pagpapatuloy sa pageebanghelyo. Tinatawag tayo ng Diyos at nais sa atin na magpatuloy na mag-ebanghelyo at abutin ang nawawala kahit na sa pinaka mahirap na kalagayan kapag tayo ay nilulusob at sinasalungat ng mga tao na umaayaw sa atin na magpahayag sa pangalan ni Jesus.

Sinabi din ni Jesus sa kanila na nalalaman Niya ang lugar kung saan sila nakatira, at kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng tiantahanan ni Satanas: Ang tinatahanan ni Satanas ay ang tinatahanan ng namamahala ng bayan, sapagkat ang bayan ng Pergamos ay ang kapital para sa emperio. Ang bayang iyon din at ang gitna ng mga sumasamba sa diosdiosan, at bahagi ng mga pagsamba sa diosdiosan sila'y sumasamba sa kanilang hari. Kaya kapag ang simbahan ay nag-eebanghelyo ipinapahayag nila sa mga tao na sumunod sa ibang Hari na si JesuCristo, at iyon ay labag sa Hari ng Pergamos, kaya't ang simbahan sa Pergamos ay inuusig ng direkta sa pamamagitan ng Hari mismo. Sa simbahan ng Symirna nabasa natin sa sinagoga ni Satanas (sa mga nakakilala sa Diyos ngunit sila'y nabubuhay sa kasalanan at gumawa ng kasalanan at sila'y laban sa simbahan), habang dito sa Pergamos ang luklukan ni Satanas, ang hari

mismo, na humihiling sa mga tao na sumasamba sa kanya, habang si Haring Nebucadnessar ay sinabi sa mga tao na sumamba sa imahe na kanyang itinayo.

Ang simbahan ng Pergamos ay nagpatuloy na naging matatag sa pananampalataya, kanilang pinanghahawakan ang kanilang pananampalataya kay Cristo at hindi nila itinanggi ang Kanyang pangalan, sa kabila ng mga martir na naganap sa bayang iyon. Sila'y naninindigan at iningatan ang pangalan ni Jesus, ng walang ibang Diyos, na may matatag sa pananampalataya sa pangalan ng Diyos Ama, ang Diyos anak si JesuCristo, at ang Diyos ang Banal na Espritu. Tayo'y tinawag para maniwala na walang ibang diyos, at huwag yumukod sa mga santo, o mga namamahala. Tayo'y tinawag upang panatilihin ang katuruan. Kaya't dito ang matatag na punto sa bayang ito ay yaong hindi nila itinanggi ang kanyang pangalan, kanilang iningatan ang pananampalataya at dinanas nila ang pag-uusig, at ang pareho sa kailangan nating gawin ngayon, para magpatuloy na mag-ebanghelyo, para ingatan ang Kanyang pangalan, at tiisin ang pag-uusig.

Kinilala ni Jesus ang katayuan nila nang sinabi niya sa kanila. "kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas." (Pahayag 2:13) Narito binanggit ng Panginoong Jesus na ang banal na si Antipas, ay labag sa lahat ng uri ng kasalanan gaya ng kanyang pangalang 'Anti', na ibig sabihin ay laban. Ayon sa makasaysayan malamang si Antipas ay kinuha mula sa ibang bayan at martir sa Pergamos dahil ipinapahayag niya ang labag sa lahat ng uri ng mga kasalanan. Kinikilala ni Jesus na sila'y nanindigan sa paguusig ar naging tapat upang tiisin ito hanggang sa punto ng kamatayan gaya rin ng paghikayat Niya sa simbahan ng Symirna na nanindigan laban sa paguusig nang sinabi Niya sa kanila, "Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay." (Pahayag 2:10) Sa ganoong halimbawa ni Antipas, ang aking tapat na martir, nangangahulugan na siya'y nanindigan at hindi nakipagkompromiso o tinanggap ang pagkiling na mga bagay kahit na ito'y nagdulot ng kawalan ng kanyang buhay. Ang kalakasan sa simbahan ng Pergamos ay sa pag-eebanghelyo at ang kanilang kahandaan na labanan ang paguusig, at sila'y nagpatuloy na mangaral at ipahayag ang Kanyang pangalang Jesus sa mga tao na nakapaligid sa kanila, at gawin ang mabuting gawain na nais ni Jesus sa kanila para gawin. Isa sa mga kalakasan ng simbahan sa pag-eebanghelyo ay sa pagpapatuloy sa pag-abot sa bagong mga tao para kay Cristo sa kabila ng lahat ng paglaban at paguusig.

"kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas." (Pahayag 2:13) Ang punto dito ang Banal na Espiritu ang nagsasabi as atin na manatili kung nasaan tayo at huwag baguhin ang iyong lugar dahil sa pag-uusig. Ipagpatuloy na ipahayag at ipangaral ang Salita ng Diyos. Manatili sa lugar kung saaan ka naroon kagaya ni Antipas. Ang tapat na lingkod na ito ng Diyos, si Antipas ay hindi lamang labag sa ibang mga diyos, kundi ganon din sa alinmang kasalanan. Ang simbahang ito ay matatag sa pag-eebanghelyo. Ang simbahan sa Epeso kanilang iniwan ang kanilang unang pagibig, at ang kanilang pagibig sa Diyos; iniwan nila ang kanilang pagibig sa pananalangain, sa pagaayuno, sa pageebanghelyo, sa pagibig nila sa kapatiran, sa pagibig sa Salita ng Diyos at pagbabasa ng Salita ng Diyos, sapagkat sa kanilang takot sa paguusig at pagdurusa. Ngunit sa simbahang ng Pergamos ay matatag sa pageebanghelyo at sa kanilang pagibig sa Diyos, kahit ilan sa kanila ay pinatay alang alang sa Diyos sa pamamagitan ng pag-uusig ng pamahalaan kung saan ang tinatahanan ni Satanas.

"14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid." (Pahayag 2:14) Ngunit sa simbahan ay mayroong din kahinaang mga punto at kakulangan na ipinapayo ni Cristo sa kanila sa Kanyang sulat sa kanila. Ang layunin ng sulat ni Jesus para sa kanila ay upang linisin din sila para sa kanilang mga kasalanan at sa kanilang mga pagkukulang na kailangan nilang ituwid at maging perpekto mula sa kadungisan, upang sila'y makabalik kay Cristo. Mayroon ilan sa kanila sa mga tao na pinanghahawakan ang katuruan at doktrina ni Balaam. Hindi ang mga namumuno ng simbahan ang gumagawa ng ganitong mga bagay kundi may ilan sa kanila na ibang tao na gumagawa ng ganoon, ngunit ang mga namumuno ay iniingatan sila at kinukunsinti sila. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Salita bilang tayo na Kanyang simabahan, nagbababala sa atin na magdulot sa atin na magsisi upang maihanda tayo at gawin tayong handa para sa Kanyang pagdating.

Ano ang ginawa ni Balaam at ng kanyang doktrina? Nang ang mga Israelita ay nakaabot sa Moab, ang kanilang hari na si haring Balak ay natakot sa kanila dahil iniiisip niya na sila ay lilipulin ng malaking populasyon ng mga Israelita gaya ng baka na dumaan s bukirin at kinain ang lahat ng bagay. Kaya sa kanyang ginawa, inanyayahan niya si Balaam na pumunta at sumpain ang mga Israelita. Hindi sinumpa ni Balaam ang mga Israelita kundi tinuruan niya si Balak na kung maakit niya ang mga Israelita na matulog kasama ng mga babaeng Moabita, makipagsiping sa kanila, at kumain ng kanilang pagkain na inihandog sa diosdiosan, at yumukod sa kanilang mga diosdiosan, sa gayon ang Diyos mismo ang wawasak sa Israel ng mga salot. Ang katuruan ni Balaam kay Balak ay yaon na kung nais mong ang simbahan at ang lingkod ng diyos ay mawala at mawasak hayaan mong mahulog sila sa kasalanan. At tinuruan niya siya kung paanong mahulog sila sa kasalanan. Sa aklat ng Pahayag binanggit ni Jesus at ipinaalam sa atin na si Balaam ay tinuruan si Balak upang hayaan ang mga Israelita na magkasala, "upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid." (Pahayag 2:14) Iyon talaga ang nangyari gaya ng ating babasahin sa Bilang 25. "1 At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab:2 Sapagka't kanilang tinawag ang bayan sa mga hain sa kanilang mga dios; at ang bayan ay kumain at yumukod sa kanilang mga dios.3 At ang Israel ay nakilakip sa diosdiosang Baal-peor; at ang galit ng Panginoon ay nagningas laban sa Israel." (Bilang 25:1-3) Ating basahin dito kung ano ang sinabi ni Moises sa mga namumuno ng hukbo ng Israel na ipinadala ni Moises upang maghiganti sa Moab, nang nakita niyang iniligtas ang mga kababaihan na nagturo sa kanila na gumawa ng ganoon at gumawa ng sekswal na immoralidad sa kanilang kalalakihan. sinabi ni Moises sa kanila, "Narito, sila'y naging sanhi, sa payo ni Balaam, upang ang mga anak ni Israel ay sumalangsang laban sa Panginoon sa bagay ng Peor, at kaya't nagkasalot sa kapisanan ng Panginoon." (Bilang 31:16) Ang mga Moabitang babae gaya ng sinasabi ng kasaysayan ng mga Judio, sila'y gumawa ng mga kubol upang magbenta ng pagkain at alak na iinumin ng may mababang halaga. Ang kanilang matatandang babae ay nasa labas upang magbenta at nang ang mga Israelita ay dumating para bumili ng pagkain, ay hihilingin na pumasok kung saan nila makakatagpo ang batang babae

na maglalahad ng pagkain para sa kanila, at ang alak na alam natin na mag-aakay sa kahalayan at kababaan ng pagpipigil sa sarili, at makakaapekto sa isip at gawing mababa ang pagtutol sa harap ng kasalungat na kasarian, kaya kapag sila'y uminom, magkakaroon ng pagnanasa, pagkatapos hihilingin sa kanila na yumukod sa kanilang mga diosdiosan bago sila mapasa sa mga babae. Iyon ang paraan upang maakit nila ang kalalakihan ng mg Israelita. Mayroong mga simbahan ngayon sa Bagong Testamento na nageebanghelyo na napaka tatag ngunit mayroong mga immoralidad sa kanilang mga manggagawa at ang bagong mga tao na kanilang inaabot. Mayroong ebanghelyo ngunit ang mga kabataan lalaki ay nakikihalubilo sa mga kabataang babae at magkaroon ng mga kasintahang babae at ang kabataang babae na nakihalibilo sa mga kabataang lalaki at magkakaroon ng mga kasintahang lalaki. Iniisip nila na sa ganitong paraan kanilang dinadala ang mga lalaki at babae sa Panginoon. Ngunit ang kabaligtaran ang nangyari, ang mga manggagawa ay nawawala patungo sa panig ng diablo.

Kung gagamitin mo ang kasalungat na kasarian sa ating mga anak at ng ating mga manggagawa upang dalhin ang mga kabataang lalaki at kabataang babae sa panginoon, ang kabaligtaran ang mangyayari. Kanilang kukunin ang ating mga manggagawa, ang ating mga anak at ang ating mga disipolo sa panig ng diablo, upang gumawa ng immoaraldad at kumain ng pagkaing inihandog sa mga diodiosan. Ang pagkain na inihandog sa mga diosdiosan ay hindi lamang sa pagkain sa mga relihiysong kapistahan ng ibang relehiyon, kundi kahit ang mga pagsasaya at mga pagtitipon, pagiimbita ng lalaki sa babae at ng mga babae sa lalaki, paggamit ng makamundong mga kaganapan kagaya ng Araw ng Puso, Halloween, pagdiriwang ng Bagong Taon, Mga Araw ng Ina at Ama, lahat ng mga okasyon na nilikha ng makamundong mga pagano at nang ipinakilala sa simbahan ng may mga kapistahan sa pagkain na sumabay sa kanila sa pagdadala ng immoralidad at pakikiapid sa kalagitnaan ng simbahan ng Diyos. Ang presenysa ng pagkain at ng mga kasiyahang ito at ng mga pagdiriwang ng mundo, ay maaring magpasimula na hindi makadiyos at immoral na relasyon sa pagitan ng lalaki at babae. Hindi dito nagsisimula ang immoralidad, kundi ito'y naguumpisa sa, Halika at kumuha ka ng libreng pagkain. Sila'y aanyayahan sa kasiyahan at sa pagkain ay masarap na kainin, habang ikaw ay pumunta at kasama ng iyong pamilya, at ng iyong anak na babae at lalaki, pagkatapos ng kasiyahan o pagdiriwang o handaan, maaring magkaroon ng mga kaugnayan, relasyon sa labas ng kasal, ang karagdagan ay ang media, ang mobile, ang internet, at ang Facebook, lahat ay ginagamit ng Diablo upang ang ating mga anak, ang ating mga disipolo at ang ating mga manggagawa ay mahulog sa kasalanan, upang ang galit ng Diyos ay magsiklab laban sa atin. Nais ng Diyos sa atin na magebanghelyo at gustong abutin natin ang bagong mga tao, ngunit ayaw ng Diyos na sa atin na magkasala at mabuhay sa kasalanan.

Ang makasalnang huwaran na Nakita natin sa simbahan ng Pergamos, gaya ng ating nalalaman, ay nakakahiya, na maraming simbahan , nakakalungkot sabihin kasama na ang Simbahan ng Diyos – Cleveland pinagtibay ang Araw ng Puso at isinulong ito upang makakuha ng kabataang lalaki at kabataang babae na masangkot sa pagibig at ayusin na magkaroon ng mga pami-pamilya, sa pamamagitan ng paggamit ng araw ng puso, ang kapistahan para sa pagibig at pagiibigan, upang magsama at magligawan, at paggamit sa simbahan upang gumawa ng pagdiriwang para sa ganyang masamang kasanayan. Sila'y sumusunod sa doktrin ni Balaam sa pagsunod kay santang Valentina ngunit nais ni Jesus sa atin na sundan ang Banal na si Antipas na labag sa lahat ng uri ng kasalanan. Aking ipinapahayag ngayon dito, na ang Banal na Kasulatan ay ganap na labag as ganoon, kaya't maging maingat at lubos na magsisi sa mga ganyan. Kailangan natin talikuran at hatulan ang kapistahan ng Puso at ang lahat ng mga pagsasagawa nito upang makaiwas tayo sa makasalanang pagpapakilala na ating nakita at nabasa sa simbahan ng Pergamos. Ito ay napapanahong mensahe gaya ng alam natin na ang kapistahang ito ay ipinagdiriwang kada taon at nais ng Diyos sayo at sa Kanyang simbahan na magsisi sa ganyang mga pagsasagawa at mga kapistahan ng mga diosdiosan. Magsisi sa lahat ng ganyan, disiplinahin ang iyong sarili, at ang iyong pamilya at ang iyong ministerio mula sa ganyang mga kasalanan. Bantayan ang iyong mga anak na lalaki at ang bantayan ang iyong mga anak na babae at linisin ang iyong pamilya at ang iyong paglilingkod mula sa ganyang mga kasanayan at kasalanan at bumalik sa Panginoon at maglingkod sa Kanya batay sa Kanyang Salita na iyong natanggap ngayon sa mensaheng ito.

Sa aking mahal at minamahal: Gaya ng ating narinig sa mensahe ng Diyos, tayo'y magsisi sa lahat ng ating mga kasalnan at ipangakong muli ang ating buhay sa Diyos na mabuhay sa plano ng Diyos na itinalaga Niya sa atin para isabuhay. Tayo maging handa na pumunta at magebanghelyo, at ating labanan ang kasalanan at lalo na ang immoralidad, at ating disiplinahin ang ating mga anak at ang ating mga kabataan at disipolo at tungkol sa bagay na ito. Ating sundin ang halimbawa ni Antipas na labag sa lahat ng uri ng kasalanan, at tayo'y magtiwala sa Diyos na tutulong sa atin sa ating pagtitiyga para maglingkod sa Kanya at siyang poprotekta sa atin hanggang Siya ay dumating at kunin tayo kasama niya sa Langit.

Ang aking panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na sumuway sa akin at nagturo sa akin ng iyong mga paraan at ang daan na nais mo na maglingkod sayo.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan.

Magsisi at hingin sa Diyos ang kapatawaran para sa makamundong pagdiriwang ngaya ng Halloween, Valentine, Kapanganakan, Pasko, Bagong Taon, araw ng Ama, araw ng Ina, at sa lahat ng maaring masangkot ang iyong sarili.

Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita ito na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon aking isinusuko ang aking buhay at ang aking kalooban ng ganap sayo. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na magebanghelyo abutin ang bagong mga tao para kay Cristo. Pangioon aking ipinapangako na linisin ang aking pamilya at ang ministerio na nasa ilalim ng aking pangangalaga mula sa lahat ng uri ng kasalanan na itinuro sa atin. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at kahinahunan na tiisin ang pwersa ng paguusig dahil sa iyong Salita. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espritu at magkaroon ng kaganapan sa iyo. Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal an Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at makapagebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga gustong sumunod sayo.

Panginoon, ako’y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sayo at magpakasakit para sayong Salita. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangngailangan. Panginoon iligtas sila sa lahat ng mga tukso at ng gawa ng diablo. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at paging dapatin sila na makalampas sa paguusig at tiisin hanggang ikaw ay dumating at kunin kami kasama mo sa LAngit.

Panginoon pagpalain kami at tulungan kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin na magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon bigyan mo pa kami ng mga kaloob ng Banal na Espiritu para magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami’y nanalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos’. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakn upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com